REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

# KAPASIYAHAN 93-57

**KAPASIYAHAN NA NAGHAHANGAD NA BUHAYIN AT PANATILIHING MALINIS AT DALISAY ANG MGA ILOG/CREEKS SA BAYAN NG MUNTINLUPA ALINSUNOD SA PROGRAMANG "SAGIP-ILOG" NG PAMAHALAANG BAYAN.**

******************************************************************

Ipinanukala ni: KGG. ERNESTO A. CARUBIO

******************************************************************

**SAPAGKAT**, isinasaad sa Art. II, Sec.447 (1) (vi) ng RA 7160 o Local Gov't Code na tungkulin ng Sangguniang Bayan na pangalagaan ang kapaligiran upang mabawasan ang kasalukuyang polusyon at maiwasan ang tuluyang pagkasira ng kalikasan.

**SAPAGKAT**, ang walang pakundangang pagtatapon ng kalat, iba't-ibang uri ng basura buhat sa industriya at bahay-kalakal (industrial wastes) at mga hindi naprosesong tubig mula sa mga alkantarilya ay nakapipinsala sa mga ilog na nagiging sanhi ng unti-unting pagkaubos ng mga isda o kawalan ng kabuhayan at ng pagkakaroon sa tubig ng mga elementong nakamamatay.

**SAPAGKAT**, ang anumang uri o anyo ng kapinsalaan sa likas-yamang tubig ay may kaakibat na epekto sa pamumuhay ng mga mamamayang nararapat lamang na mag-alaga nito.

**SAPAGKAT**, ang sama-samang pagkilos ng pamayanan sa pangunguna ng Pamahalaan upang sagipin ang kalikasan sa pagkasira ay napapanahon at utang ng bawat isa sa Dakilang Lumikha ng nagkaloob nito.

**NGAYON, DAHIL DITO**, ay buong pagkakaisang pinagtibay ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila ang Kapasiyahan na naghahangad na buhayin at panatilihing malinis at dalisay ang mga ilog/creeks sa bayan ng Muntinlupa alinsunod sa pogramang "Sagip-Ilog" ng Pamahalaang Bayan.

**PINAGPASIYAHAN NG BUONG PAGKAKAISA**, ng lahat ng kagawad ng Sangguniang Bayan sa kanilang ika-33rd na regular na pulong na ginanap ngayong ika-29 ng Marso, 1993.

**PINATOTOHANAN:**

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punongbayan/Pangulong Opisyal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan



KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

KGG. ARTURO S. BUNYI
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.
Konsehal

KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo, Samahan ng mga Punongbarangay

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan



KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS, JR.
Kinatawan ng Sektor
Pangulo, Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

**PINATUTUNAYAN:**

**PETER B. SALONGA**
**Pambayang Kalihim**

**PINAGTIBAY:**

**MGGL. IGNACIO R. BUNYE**
**Punongbayan**